KAPASIYAHAN BLG. 2026-39

"NAGPAPATIBAY SA KAPASIYAHAN BLG. 02, H-2025 NG SANGGUNIANG KABATAAN NG BARANGAY TANAWAN, BUSTOS, BULACAN NA NAUUKOL SA KARAGDAGANG GUGULIN (*SUPPLEMENTAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2025 NA NAGKAKAHALAGA NG SIYAMNAPU'T ANIM NA LIBO, LIMANG DAAN ANIMNAPUNG PISO AT WALUMPU'T SIYAM NA SENTIMO (₱96,560.89)."

Sa Pagtataguyod ni:

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Tagapangulo
Lupon sa Pananalapi, Paggugol, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan at Kooperatiba

---

SAPAGKA'T, naghain ng kahilingan ang Sangguniang Kabataan ng Barangay ng Tanawan, Bustos, Bulacan para sa kanilang karagdagang laang gugulin para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng ₱96,560.89;

SAPAGKA'T, ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tanawan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

SAPAGKA'T, ang nasabing kapasiyahan ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tanawan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 02, H-2025 ng Sangguniang Kabataan ng Barangay Tanawan, Bustos, Bulacan na nauukol sa karagdagang laang gugulin (*Supplemental Budget*) para sa taong 2025 na nagkakahalaga ng Siyamnapu't Anim na Libo, Limang Daan Animnapung Piso at Walumpu't Siyam na Sentimo Isang Daan (₱96,560.89).

PINAGTIBAY, ngayong ika-2 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni

Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni

Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni

Aljhaneal E. Quiñones
Kasangguni

Leo T. Santos
Kasangguni

Melvin H. Melencio
Kasangguni

John Erick L. Perez
Kasangguni

Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni

Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay

Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Martin SJ. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Pebrero taong Dalawanlibo Dalawampu't Anim.

Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim